# COUNTY NG SAN MATEO
# BATAS SA PAGPILI NG BOTANTE NG CALIFORNIA

# SUPLEMENTO SA ENERO 2020 – ENERO 2024 PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN

## SETYEMBRE 14, 2021 HALALAN SA PAGPAPAALIS SA KATUNGKULAN SA GOBERNADOR NG CALIFORNIA




OPISINA NI MARK CHURCH

**PUNONG OPISYAL NG HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY**

DIBISYON NG PAGPAPAREHISTRO AT MGA HALALAN

40 Tower Road, San Mateo, CA 94402

**phone** 650.312.5222 **fax** 650.312.5348

**email** registrar@smcacre.org **web** www.smcvote.org

@smcvote

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko

OFFICE OF
**ASSESSOR-COUNTY CLERK-RECORDER & ELECTIONS**
COUNTY OF SAN MATEO

**MARK CHURCH**
CHIEF ELECTIONS OFFICER &
ASSESSOR-COUNTY CLERK-RECORDER

Agosto 2, 2021

Mahal na mga Kapwa Botante,

Ang suplementong ito sa Plano sa Pangangasiwa ng Halalan ng County ng San Mateo (San Mateo County Election Administration Plan, EAP) para sa panahon na Enero 2020 hanggang Enero 2024, ay nagtataglay ng mga planong ispesipiko sa ika-14 ng Setyembre, 2021 na Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California. Ang dokumentong ito ay tumutugon sa mga pagbabago sa aming EAP dahil sa mga pagbabago sa Kodigo sa mga Halalan sa ilalim ng Panukalang-batas ng Senado 152 at upang ipakita ang isinapanahong lokal, estado at pederal na mga patnubay sa mga ipinatupad na mga aktibidad ng ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan dahil sa pandemyang COVID-19.

Ang aming opisina ay patuloy na sumusunod sa patnubay ng CDC at Mga Utos na Pangkalusugan sa COVID-19 ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado at County upang matiyak na ang mga botante ng County ng San Mateo ay magkakaroon ng ligtas, protektado at maginhawang mga serbisyong panghalalan. Ang bawat Sentro ng Pagboto ay patuloy na magkakaloob ng personal na nagpoprotektang kagamitan at magsasagawa ng regular na paglilinis sa buong panahon ng pagboto.

Ang Panukalang-batas ng Senado 152 ay pinirmahan upang maging batas noong ika-28 ng Hunyo, 2021 at nagkakaloob ng panlahat na akses sa aming Sistemang Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (Remote Accessible Vote by Mail, RAVBM) para sa halalang ito. Ang RAVBM ay nagbibigay ng kakayahan sa mga botante na gamitin ang alinmang kompyuter na may akses sa internet at isang printer upang markahan ang kanilang mga pinili at i-print ang kanilang balota. Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang mga binotohang balota sa pamamagitan ng koreo, sa isa sa aming 42 lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota o sa isa sa aming 20 Sentro ng Pagboto at dalawang lokasyon ng Pop Up na Sentro ng Pagboto.

Ito ang unang pagkakataon mula noong 2003 na nagkaroon ng isang pambuong-estadong halalan ng pagpapaalis. Ang balota ng pagpapaalis ay magtataglay ng dalawang tanong: dapat bang paalisin ang Gobernador mula sa katungkulan at kung dapat, sino ang ipapalit sa kanya. Kung bumoto ka ng hindi sa pagpapaalis sa Gobernador, makakaboto ka pa rin sa ikalawang tanong tungkol sa kung sino ang ipapalit sa kanya. Ang mga boto para sa kandidatong pamalit ay bibilangin lamang kung higit sa 50% ng mga botante ang bumoto ng oo sa unang tanong upang paalisin ang Gobernador. 46 na kandidatong pamalit ang makikita sa balota. Ang mga pahayag ng kandidato ay lilitaw sa iyong Patnubay na Impormasyon ng Estado para sa Botante para sa mga kandidatong nagpasiya na magbayad upang isama ang isang pahayag doon. Ayon sa Kodigo sa mga Halalan, tanging ang opisyal na pinapaalis ang may opsyon na ilathala ang isang pahayag sa Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng County. Walang mga labanan o panukala ng county sa balota. Dahil doon, ang Halimbawang Balota at Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng County ay magiging mas maliit kaysa karaniwan, pero magkakaloob pa rin ng mahalagang impormasyon tungkol sa iyong mga opsyon sa pagboto. Ang pamplet ng county ay darating sa inyo kasama ng inyong opisyal na balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, ipinakokoreo nang hindi lalampas ng Agosto 16.

Kahit na boboto ka para sa Gobernador sa taong ito, ang regular na nakatakdang Primaryang Halalan para sa Gobernador ay magaganap sa Hunyo 2022 at ang isang Pangkalahatang Halalan para sa Gobernador sa Nobyembre 2022. Bilang karagdagan sa pambuong-estadong mga katungkulan na nasa balota ng 2022, magkakaroon ng mga lokal na katungkulan na pagbobotohan.

Tulad sa bawat halalan, hinihikayat ko kayo na bumoto. Ito ay inyong pribilehiyo at inyong pampublikong tungkulin.

Naglilingkod,

Mark Church

40 Tower Road, San Mateo, CA 94402
**P** 650.312.5222 **F** 650.312.5348 **email** registrar@smcacre.org **web** www.smcacre.org

**Pangkalahatang-tanaw sa mga Pagbabago sa Halalan**

Ang Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan ng County ng San Mateo ay susunod sa mga pagbabago sa Kodigo sa mga Halalan ng California na ipinag-uutos para sa ika-14 ng Setyembre na Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California sa ilalim ng mga tadhana ng Panukalang-batas ng Senado 152. Susundin namin ang lahat ng patnubay sa pangangasiwa ng halalan ng Kalihim ng Estado. Upang panatilihing ligtas ang mga botante at tauhan sa aming mga Sentro ng Pagboto, susundin namin ang patnubay sa pampublikong kaligtasan mula sa Mga Sentro ng Pagkontrol ng Sakit gayon din sa mga kagawaran ng kalusugan ng estado at county.

Itatalaga sa bawat Sentro ng Pagboto ang isang Tagabati upang ipagbigay-alam sa mga botante ang mga gawaing nagpoprotekta at gabayan ang mga botante sa proseso ng pagboto. Ang mga panakip ng mukha ay makukuha ng mga botante kapag hiniling. Ang mga tagabati, sinanay sa etiketa para sa kapansanan, ay gagala sa bawat linya ng botante upang mag-alay ng gabay o tulong. Sa loob ng bawat Sentro ng Pagboto, ang mga mesa ng check-in ay magkakaroon ng mga kalasag na plexiglass upang mabigyan ng kakayahan ang mga tauhan na tulungan ang mga botante nang hindi nangangailangan ng pisikal na pagdistansiya.

Ang Panukalang-batas ng Senado 152 ay naglalaan ng sumusunod na ispesipikong mga iniaatas para sa ika-14 ng Setyembre, 2021 na Panggobernador na Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California:

- Magkaloob ng panlahat na akses sa aming Sistemang Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM).[1]
- Palawigin ang huling araw upang makatanggap ng mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na may tatak ng koreo sa Araw ng Halalan hanggang sa ika-7 na araw pagkatapos ng Araw ng Halalan.[2]
- Simulan ang pagproseso ng mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa ika-29 na araw bago ang halalan.[3]

Ang mga botante ng County ng San Mateo ay magpapatuloy na magkaroon ng kakayahang beripikahin kung kailan natanggap ang kanilang balota, kailan ito ibinilang, sa pamamagitan ng aming website, www.smcvote.org, sa My Election Info. Ang mga botante ay maaari ring magpatala para sa sistema ng pagtunton ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, Where's My Ballot?, na ipinagkakaloob ng Kalihim ng Estado.

Ipagpapatuloy ng County ng San Mateo ang gawain nito ng pagbubukas ng tatlong Sentro ng Pagboto 29 na araw bago ang Araw ng Halalan.

**Mga Ligtas na Opsyon sa Pagboto**

*Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo*
Bilang isa sa unang limang county na nagpatupad ng Batas sa Pagpili ng Botante ng California noong 2018 at sa kabuuan, ang County ng San Mateo ay nasa magandang posisyon upang padalhan ang lahat ng aming mga nakarehistrong botante ng mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang mga botante ay may opsyon na ibalik ang kanilang balota sa pamamagitan ng koreo, gamitin ang isa sa aming Mga Opisyal na Kahong Hulugan ng Balota o dalhin ang kanilang balota sa isang Sentro ng Pagboto. Kami ay may 42 na Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota para sa publiko para sa halalang ito, isang pagtaas mula sa 39 sa Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan ng 2020, nagkakaloob sa mga botante ng mga mas maginhawang opsyon upang ibalik ang kanilang binotohang balota. Ang mga lokasyon ng Kahong Hulugan ay pinili sa ilalim ng mga pamantayan sa paghahanap ng lugar ng Batas sa Pagpili ng Botante na katulad ng mga Sentro ng Pagboto.

*Mga Sentro ng Pagboto*
Magkakaroon tayo ng 20 na Sentro ng Pagboto sa halalang ito. Lahat ng 20 na Sentro ng Pagboto ay maginhawang ilalagay sa buong county batay sa mga gawain sa pagtukoy ng Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan para sa pinakamahusay na mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto gayon din sa Kasangkapan sa Paghanap ng Lokasyon sa Pagboto ng Center of Inclusive Democracy. Bilang karagdagan sa 15 na isinasaalang-alang na nakasaad sa Batas sa Pagpili ng Botante, ang mga Sentro ng Pagboto ay sinuri upang kumpirmahin kung posibleng magkaloob ng

---

[1] Ang Sistemang RAVBM ay nilikha para sa mga botanteng may kapansanan, mga botanteng naninirahan sa ibang bansa o nasa militar at/o miyembro ng pamilya ng militar.

[2] Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang huling araw para sa pagtanggap ng balotang may tatak ng koreo sa Araw ng Halalan ay tatlong araw pagkaraan.

[3] Sa ilalim ng dating batas, ang mga county ay maaaring magsimula ng pagproseso ng mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo 15 na araw ng trabaho bago ang isang halalan. Ang mga resulta ay hindi pa rin ilalabas hanggang ang lahat ng botohan ay magsara sa gabi ng halalan.

pisikal na pagdistansiya sa pagitan ng mga botante. Lahat ng lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay madaling mapupuntahan.

Ang mga Kinatawan ng Sentro ng Pagboto (Vote Center Representatives, mga VCR) ay tatanggap ng online na pagsasanay at personal na pagsasanay. Habang ang mga pangunahing tungkulin dati ng mga VCR ay magtala ng mga botante at magkaloob ng mga nakalimbag na balota o mga kard para sa mga botante upang gamitin ang Tablet na Pangmarka ng Balota (Ballot Marking Tablet, BMT), ang mga VCR ay sasanayin na rin ngayon sa paggamit at mga iniaatas na kaugnay ng mask. Ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay daragdagan upang magkaroon ng pagsaklaw para sa mga karagdagang responsibilidad na ito.

Lahat ng VCR ay tatanggap ng pagsasanay sa etiketa para sa kapansanan at serbisyo sa parokyano. Ang mga prinsipyong nasa loob ng aming pagsasanay para sa kamalayan sa pagiging sensitibo sa may kapansanan ay kasama ang paggamit ng paggalang, pag-aalok ng tulong at pagkakaloob sa botante ng oportunidad upang linawin ang kinakailangang suporta.

Hinihikayat namin ang lahat ng botante na bumoto nang maaga upang maiwasan ang mga pila sa Araw ng Halalan.

*Pagboto sa Gilid ng Daan*

Upang padaliin ang pagboto sa gilid ng daan, ang bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng isang tanda ng impormasyon na may bell, na maaaring isaaktibo ng isang tapik o magaan na paghipo mula sa bintana ng isang sasakyan. Maririnig ng mga VCR ang bell at magkakaloob ng isang nilinis na clipboard at pen na may check-in form para sa (mga) botante. Maaaring humiling ang isang botante na magbigay ng pabigkas na impormasyon sa VCR upang sagutan ang pormularyo.

Depende sa gusto ng botante, dalawang tao (alinman sa dalawang tauhan o isang tauhan at ang katulong ng botante) ay:

1. Lilikha ng madadalang pakete ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo para sa botante, na maaaring ipakoreo, ihulog sa Kahong Hulugan nasa labas o ibalik sa alinmang Sentro ng Pagboto.
2. Magdala ng isang papel na balota sa botante sa loob ng isang folder ng paglilihim at, pagkatapos markahan ng botante ang balota, idedeposito ng pangkat na tumutulong ang binotohang balota sa isang kahon ng balota.
   - Para sa karagdagang paglilihim, ang isang balota ng May Kondisyong Pagpaparehistro ng Botante (Conditional Voter Registration, CVR) ay maaaring ibigay upang masarhan ng botante ang kanilang binotohang balota sa loob ng sobre at ihulog ito sa isang kahong hulugan. Kakailanganin ng mga tauhan na tatakan ang labas ng sobre ng CVR bilang isang balidong balota na may petsa at kanilang mga inisyal.
   - Kung hiniling ng botante na makitang ang balota ay idineposito nang diretso sa kahon ng balota, ang tauhan ay dapat humiling sa Pinuno ng Sentro ng Pagboto na magpadala ng dalawang tauhan upang dalhin sa sasakyan ang saradong kahon ng balota.[4]

Sa aming 30-na-Araw, 11-na-Araw na mga Sentro ng Pagboto at sa mga 4-na-Araw na mga Sentro ng Pagboto ng Foster City at Menlo Park, kung ang isang botante ay nangangailangan ng isang BMT upang makaboto nang independiyente, dalawang tao (alinman sa dalawang tauhan o isang tauhan at ang katulong ng botante) ay maaaring mag-alok nang isang BMT at printer na dalhin sa kanilang sasakyan. Ang balota ay bobotohan kasunod ng pagbabalik ng mga tagubiling nasa itaas.

*Mga Pamalit na Balota*

Habang ang mga botante ay maaaring humiling ng mga pamalit na balota na ipapakoreo sa kanila hanggang ika-7 ng Setyembre o pumunta sa alinmang Sentro ng Pagboto upang kumuha nito, para sa halalang ito, upang bawasan ang mga oras ng paghihintay, ang mga botante ay maaaring humiling ng isang pamalit na balota para kunin bago bumisita sa isa sa mga 30-na-Araw na mga Sentro ng Pagboto (nakalista sa Apendiks). Ang mga botante ay maaaring makatagpo ng pormularyo ng paghiling sa aming website, www.smcvote.org, o maaaring tumawag/mag-text sa 650.312.5222 isang araw bago kunin, upang isumite ang isang kahilingan at pumili ng lokasyon para sa pagkuha. Sa sandaling handa nang makuha ang balota, sila ay tatanggap ng email na may lokasyon-ispesipikong mga tagubilin.

*Sistemang Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo*

Para sa halalang ito, lahat ng botante ay makakagamit ng Sistemang Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM) upang ligtas na maakses, markahan at ilimbag ang kanilang balota mula sa alinmang kompyuter na may akses sa internet at isang printer. Ang mga botante ay dapat magbalik ng isang pinirmahang pormularyo ng Panata ng Botante o pirmahan ang bayad na selyo ng sobre ng pagbabalik na nasa

[4] Ang opsyon na ito ay hindi makukuha kung iisa lamang ang kahon ng balota sa Sentro ng Pagboto.

sa loob ng pakete ng Opisyal na Balota. Ang serbisyong ito ay isang opsyon sa pagboto para sa mga botanteng may kapansanan upang matanggap at markahan ang kanilang mga balota nang independiyente at protektado. Ito ay nagkaloob din sa mga botante sa ibang bansa at mga botanteng militar ng isang paraan upang bumoto sa tamang panahon. Bilang tugon sa pandemyang COVID-19, ang serbisyong ito ay matagumpay na pinalawak sa lahat ng botante upang gawin ang pagboto na madali at makakaya hanggang posible para sa ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan.

*Mga Kahong Hulugan ng Balota*
Simula sa ika-16 ng Agosto, ang mga botante ay magkakaroon ng akses sa 42 na lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota na maginhawang matatagpuan sa buong county. 33 na lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota ang nasa labas, ginagawang magagamit ang mga ito 24/7. Bawat kahon ay protektado, may mga kahon sa loob na nagtataglay ng mga kandadong panseguridad at mga nagkakabit na kable, at mga kahon sa labas na yari sa bakal at nakakabit sa kongkreto. Lahat ng Kahong Hulugan ng Balota at ang mga lokasyon ng mga ito ay pisikal na magagamit ng mga botanteng may kapansanan.

*Paghahatid sa Gilid ng Daan*
Ang Paghahatid sa Gilid ng Daan ay nagpabilis sa proseso ng pagboto para sa mga botante, dahil maaari nilang ihatid ang kanilang balota nang mas mabilis at maginhawa sa mga tauhan ng Sentro ng Pagboto nang hindi na lumalabas sa kanilang mga sasakyan. Ito ay nagkaloob din ng isa pang opsyon para sa mga taong may mga pisikal na limitasyon upang ihulog ang kanilang balota sa isang Opisyal na Kahong Hulugan ng Balota. Ang Paghahatid sa Gilid ng Daan ay magagamit sa 10 na Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan:

| | |
|---|---|
| Burlingame | Daly City |
| Foster City | Menlo Park |
| Millbrae | Pacifica |
| Redwood City | San Bruno |
| San Mateo | South San Francisco |

*Pagbilang ng Balota*
Ang Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan ay may mga tauhan at teknolohiya upang tiyakin na ang mga balota ay nabibilang nang tumpak at episyente. Ayon sa Panukalang-batas ng Senado 152, ang Dibisyon ay maaaring magsimulang magproseso ng mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa ika-29 na araw bago ang Araw ng Halalan para sa ika-14 ng Setyembre, 2021 na Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California.

**Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante**

*Postcard na Inaasinta ang mga Lugar na may Pagpaparehistrong Mas Mababa Kaysa Karaniwan*
Ang Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan ay magpapakoreo ng isang postcard na may impormasyon tungkol sa pagpaparehistro sa apat na wika sa halos 100,000 sambahayan. Ang mga postcard ay ihahatid sa pamamagitan ng USPS Every Door Direct Mail sa mga bahagi ng Daly City, East Palo Alto, Menlo Park, Redwood City, San Bruno, South San Francisco at mga lugar ng county na hindi kasama sa korporasyon.

**Buod ng mga Pagbabago sa 2020 – 2024 na Plano sa Pangangasiwa ng Halalan Apendiks**

*Mga Iminungkahing Lokasyon ng Sentro ng Pagboto*
Ang Dibisyon ng mga Halalan ay magsasagawa ng ika-14 ng Setyembre, 2021 na Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California alinsunod sa Panukalang-batas ng Senado 152. Magbubukas kami ng walong Sentro ng Pagboto 11 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang Halimbawang Balota at Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng County ay isasama sa balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.

Dahil sa inaasahang nabawasang paglahok ng botante, ang bilang ng mga Sentro ng Pagboto ay mababawasan mula sa 45 noong ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan patungo sa 20 na Sentro ng Pagboto at dalawang Pop-Up na mga Sentro ng Pagboto para sa halalang ito.

18 ng aming 20 na Sentro ng Pagboto ay ginamit noong ika-3 ng Nobyembre, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan. Ang mga bagong Sentro ng Pagboto ay ang Belle Air Elementary School sa San Bruno at ang Twin Pines Lodge sa Belmont.

Ang mga bagong lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay pinili sa pamamagitan ng kaparehong pamantayan sa pagpili: ang na pamantayan sa pagpili sa Batas sa Pagpili ng Botante ng California, komento ng komunidad at ang Kasangkapan sa Pagpili ng Lokasyon ng Pagboto ng Center for Inclusive Democracy.

*Mga Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota*
Dinagdagan namin ang bilang ng 24/7 na mga lokasyon sa labas mula 29 noong Nobyembre 2020 patungo sa 34 para sa ika-14 ng Setyembre, 2021 na Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California. Ang mga lokasyon ay pinili sa pamamagitan ng mga kaparehong pamantayan sa pagpili ang mga pamantayan sa pagpili sa Batas sa Pagpili ng Botante ng California at komento ng komunidad.

*Ang Mga Partner sa Komunidad, Kalendaryo ng mga Ginaganap sa Komunidad* at *Mga Partner sa Media at ang mga ginaganap ay idaragdag sa aming online na apendiks.*

Ang mga baong partner sa media ay maaaring kabilang ang pahayagang India Currents, Radio Zindagi 1170 AM radio, Bolly 92.3 FM radio, PTC Network Punjabi television o Namaste TV at iba pa gaya ng ipinasiya.

*Tuwirang Kontak sa Botante*
Kasama sa Postcard 1 ang mga petsa ng Sentro ng Pagboto at bilang ng bukas na mga sentro, gayon din ang isang website at numero ng telepono upang makakuha ng karagdagang impormasyon.

Ang Postcard 2 ay magpapagunita sa mga botanteng hindi nagbalik ng kanilang balota o bumoto nang personal tungkol sa nalalabing oras upang bumoto sa halalan at ang kanilang mga opsyon sa pagboto.